



Binuo ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ang social media toolkit na ito upang suportahan ang edukasyon ng botante at outreach sa komunidad.

Nilalaman ng toolkit na ito ang lahat ng kinakailangang malaman ng mga rehistradong botante ng County ng San Diego tungkol sa paglahok sa isang papalapit na eleksyon.

Mangyaring samantalain ang may kaugnayan na mga pagmemensahe at materyales na ibinigay sa ibaba. Kopyahin lamang at ipaskil ang halimbawang pagmemensahe sa inyong mga social media at gamitin ang hashtag na #SDVOTE.

Mangyaring tandaan, ang toolkit na ito ay **hindi** para sa isang partikular na eleksyon. I-click [dito](#) para sa mga importanteng petsa at impormasyon tungkol sa isang papalapit na eleksyon.

Para sa opisyal na impormasyon sa eleksyon sa County ng San Diego, bisitahin ang [sdvote.com](http://sdvote.com) at i-follow ang [@sdvote](https://twitter.com/sdvote) sa Twitter.

## MGA HALIMBAWANG PAGMEMENSAHE

### **Mga Proactive na Mensahe**

- Maging isang maalam na botante! Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng San Diego ay ang opisyal na source para sa impormasyon sa eleksyon. Bisitahin ang [sdvote.com](http://sdvote.com) upang matuto nang higit pa. #SDVOTE

### **Mga Mensahe sa Pagpaparehistro ng Botante**

- Mahalaga ang inyong boses. Kaya naman importante na magparehistro upang makaboto! Madali lang ito, magparehistro online sa [sdvote.com](http://sdvote.com). #SDVOTE
- Lumipat kamakailan o nagpalit ng inyong pangalan? Kung gayon, kailangan ninyong magparehistro muli upang makaboto. Madali lamang! Kumpletuhin ang inyong bagong rehistrasyon ng botante online sa [sdvote.com](http://sdvote.com). #SDVOTE

### **Mga Mensahe sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (simula 29 na araw bago ang Araw ng Eleksyon)**

- Boboto sa pamamagitan ng koreo? Alam ba ninyo na maaari ninyong i-track ang inyong balota sa bawat hakbang ng proseso? Mag-sign up para sa “Where’s My Ballot?” upang makakuha ng mga notipikasyon sa pamamagitan ng text, tawag, o email. Mag-sign up ngayon: [www.sos.ca.gov/elections/ballot-status/wheres-my-ballot](http://www.sos.ca.gov/elections/ballot-status/wheres-my-ballot)
- Boboto sa paparating na eleksyon? Mayroon kayong mas maraming araw at mas maraming paraan upang makaboto! Ang bawat aktibong rehistradong botante ay makakatanggap ng balota sa koreo halos isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon. Matuto nang higit pa tungkol sa inyong mga opsyon sa pagboto sa [sdvote.com](http://sdvote.com). #SDVOTE
- Huwag maantala! Maaari ninyong markahan at ibalik ang inyong balota sa oras na matanggap ninyo ito sa koreo. Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo, libre ang selyo, o sa isa sa mga lokasyon ng opisyal na ballot drop box. Bisitahin ang [sdvote.com](http://sdvote.com) upang makahanap ng lokasyon na malapit sa inyo.

### **Mga Mensahe sa Pagboto nang Personal (simula 10 araw bago ang Araw ng Eleksyon)**

- Hindi rehistrado upang bumoto? Bumisita sa alinmang vote center upang magparehistro at bumoto ngayon! Humanap ng lokasyon na malapit sa inyo sa [sdvote.com](http://sdvote.com) #SDVOTE
- Hindi niyo na kailangan maghintay hanggang sa Araw ng Eleksyon upang bumoto. Bumoto nang maaga at bumisita sa alinmang vote center upang bumoto nang personal o ihulog ang inyong nabotohang balota. Humanap ng lokasyon na malapit sa inyo sa [sdvote.com](http://sdvote.com). #SDVOTE

### **Mga Mensahe sa Araw ng Eleksyon (ang mga oras ng pagboto sa Araw ng Eleksyon ay mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi)**

- Ngayon na ang Araw ng Eleksyon! Hindi rehistrado upang bumoto? Bumisita sa alinmang vote center upang magparehistro at bumoto ngayon! Ang deadline ay sa ika-8 ng gabi. Matuto nang higit pa sa [sdvote.com](http://sdvote.com). #SDVOTE
- Araw na ng Eleksyon! Iparinig ang inyong boses. Siguraduhing bumoto bago sumapit ang ika-8 ng gabi. Humanap ng isang vote center o lokasyon ng ballot drop box na malapit sa inyo sa [sdvote.com](http://sdvote.com). #SDVOTE